

SAN JOSEMARIA ESCRIVA

Maikling Pagpapakilala

Si San Josemaría Escrivá de Balaguer ang nagtatag ng Prelature of the Holy Cross at Opus Dei, na mas kilala bilang Opus Dei. Ipinanganak siya noong Enero 9, 1902.

Ipinahayag siyang santo noong 2002 ni Papa Juan Pablo II, na tinawag si San Josemaría bilang “*santo ng pangkaraniwang buhay.*” Ipinagdiriwang ang kanyang kapistahan tuwing Hunyo 26.

Itinuro ni San Josemaría na ang trabaho, buhay pamilya, at iba pang pang-araw-araw na gawain ay mga pagkakataon para sa espirituwal na pakikipag-isa kay Hesukristo. At na ang lahat ay maaaring maging banal:

“Ang tungkulin mo ay gawing banal ang iyong sarili. Oo, ikaw mismo. Sino ang nagsasabi na ang tungkuling ito ay para lamang sa mga pari at mga relihiyoso? Sa lahat, walang eksepsyon, sinabi ng ating Panginoon: ‘Maging ganap kayo, gaya ng inyong Amang nasa langit na ganap.’” (San Josemaría, *The Way* Blg. 291)

Pangkaraniwang buhay. *“Sa gitna ng mga pinaka-materyal na bagay sa mundo, doon natin kailangang gawing banal ang ating sarili, naglilingkod sa Diyos at sa lahat ng tao,”* sabi ni San Josemaría. Kaya ang pamilya, pag-aasawa, at trabaho, pati lahat ng ating gawain, ay mga pagkakataon para makipag-ugnayan at tularan si Hesukristo, sa pagsisikap na isabuhay ang pagmamahal, pasensya, kababaang-loob, kasipagan, katapatan, kasiyahan, at iba pang mabuti at Kristiyanong birtud.

Pagpapakabanal sa trabaho. Ang pagpapakabanal sa trabaho ay ang paggawa nang may espiritu ni Hesukristo, paggawa nang mahusay at tapat, na may layuning mahalina ang Diyos at maglingkod sa kapwa. Sa ganitong paraan, napapabanal ang mundo mula sa loob, at naipapakita ang Mabuting Balita sa lahat ng gawain, maging ito man ay mahalaga o maliit at hindi napapansin. Sa mata ng Diyos, ang mahalaga ay ang pag-ibig na inilalagay sa trabaho, hindi ang tagumpay nito sa mata ng tao.

Pagkakaisa ng buhay. Ipinaliwanag ni San Josemaría na ang mga Kristiyanong nagtatrabaho sa mundo ay hindi dapat mamuhay ng *“parang may dalawang buhay. Isang panloob na buhay ng pakikipag-isa sa Diyos, at isang hiwalay na propesyonal, panlipunan, at buhay pampamilya.”* Sa halip: *“Isa lamang ang buhay, na may laman at espiritu. At ang buhay na ito ang dapat maging banal at puno ng Diyos sa katawan at kaluluwa.”*

“Hindi ka inilalayo ng Diyos sa iyong kinaroroonan. Hindi ka niya inaalís sa mundo, o sa iyong kalagayan sa buhay, o sa iyong marangal na mithiin, o sa iyong trabaho... Ngunit gusto ka niyang maging banal, mismo roon!” (San Josemaría, *The Forge* Blg. 362)